ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 14
Hulyo 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Itakwil ang huwad na kapayapaan, magpunyagi sa landas ng digmang bayan

Ipaghahambog tiyak ni Marcos sa kanyang ika-apat na State of the Nation Address ang programa ng "kapayapaan at kaunlaran" na isinusulong ng kanyang rehimen. Gagamitin niya itong okasyon para palakpakan ang kanyang mga pasistang galamay at alipures sa "pagsugpo sa armadong sigalot." Kasabay nito, pagtatakpan niya ang malulubhang pag-abuso sa kapangyarihan at paglapastangan sa mga demokratikong karapatan, sa kalunsuran at laluna sa kanayunan.



Huwad at hungkag ang "kapayapaan at kaunlaran" na laman ng "National Action Plan for Unity, Peace and Development" ni Marcos. Isa itong mapanlinlang na karatula para pagtakpan ang katotohanan ng laganap na kahirapan, gutom at pagdurusa ng ilampung milyong magsasaka at manggagawa at mga walang hanapbuhay. Layunin nitong ipatanggap sa taumbayan na sadyang tadhana ang dinaranas nilang pang-aapi at pagsasamantala upang lumpuhin ang kanilang diwa at lakas na magtanggol at lumaban, at payukuin sila sa kapangyarihan ng teroristang estado.

Sa tabing ng "kapayapaan," ginagamit ni Marcos ang mga armadong pwersa ng estado sa pagpataw ng batas militar sa kanayunan para supilin ang paglaban ng masang magsasaka. Layon nitong manmanan ang bawat galaw ng taumbaryo, kontrolin ang suplay ng pagkain at komersyo, pati oras ng pagtatrabaho sa bukid ng mga magsasaka. Inoobliga lahat na magpa-"clear" ng kanilang pangalan at "makipagtulungan" sa mga upisyal militar. Hindi tinatantanan ang kilalang mga lider at aktibo sa mga samahang magsasaka. Kabi-kabila ang mga kaso ng pagpaslang, pagdakip at iligal na pagbibilanggo, tortyur at mga masaker, panganganyon at paghuhulog ng bomba malapit sa mga komunidad.

Upang sindakin ang taumbaryo, kinakampuhan ng pangkat-pangkat ng mga sundalo ang mga baryo, at ginagamit na baraks ang mga eskwelahan o *barangay health center*. Ginagambala nila ang katahimikan sa baryo sa paglalasing, pagsusugal, paggamit ng droga at walang patumanggang pagpapaputok ng baril. Sa ngalan ng "depensang panteritoryo," pwersahang nirerekrut ng mga sundalo ang mga magsasaka sa paramilitar na grupong CAFGU at Barangay Intelligence Network upang gamitin sila laban sa kanilang mga kababaryo.

Sa ngalan ng "pagtataas sa kapasidad" ng mga komunidad sa kalunsuran, ginagamit ni Marcos ang kanyang mga armadong pwersa upang supilin ang karapatan ng mga manggagawa, mala-manggagawa, kabataang-estudyante at iba pang sektor sa kalunsuran. Ang mga unyonista at mga aktibista sa paaralan at mga komunidad ay isinasailalim sa sarbeylans at paninindak upang pahintuin sa kanilang pag-oorganisa at pagtulong sa kanilang kapwa. Tulad sa kanayunan, ginagamit na taktika ang panggigi-

pit at walang tigil na pagbabanta sa kanilang mga pamilya upang brasuhin silang sumunod sa kagustuhan ng militar at pulis.

Engrandeng panloloko sa masang magsasaka ang ipinagmamalaki ni Marcos na "pamamahagi ng titulo" gayong karamihan niyon ay dati na nilang hawak na kolektibong titulo (Certificate of Land Ownership Award) sa ilalim ng "agrarian reform communities," kabilang ang mga lupang dati nang naipamahagi ng rebolusyonaryong kilusan sa mga magsasaka at katutubo, na hinati-hati para madaling bilhin o agawin ng malalaking mangangamkam ng lupa.

Malalawak na lupain ang sinusubasta ni Marcos sa mga dayuhang malalaking kapitalista sa anyo ng pagpapa-"upa" nang hanggang 99 taon. Puo-puong libong magsasaka at mga katutubo ang pinalalayas upang bigyang-daan ang mga plantasyon, minahan, mga proyektong pang-enerhiya, turismo at iba pang operasyon ng malalaking kumpanyang dayuhan at lokal. Inaalok sila ni Marcos na mamuhunan na wala o halos walang babayarang buwis. Tiyak na mas mabigat pang mga patakarang anti-mamamayan at anti-nasyunal ang iuutos ni President Trump ng US sa papet na si Marcos sa pagkikita nila sa White House.

Sarili lamang ang niloloko nina Marcos, ng kanyang mga upisyal militar at kasapakat sa NTF-Elcac sa pagmamalaki na malapit na nilang magupo ang Bagong Hukbong Bayan. Iisa na lamang diumano ang larangang gerilya sa buong bansa, pero mayorya pa rin ng mga batalyong pangkombat ng AFP ang nakapakat laban sa BHB.

Ginagamit ni Marcos ang iilang nagtraydor sa masa para kumanta ng papuri sa kanyang "kapayapaan at kaunlaran." Sila'y pawang reaksyunaryong espesyal na ahente para dumura ng disimpormasyon at kasinungalingan laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang "kapayapaan" ni Marcos ay katahimikan ng libingan ng mga biktima ng kanyang pasistang paghahari. Ipinagdiriwang ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri ang katahimikang ipinamamarali ni Marcos para buong laya nilang kamkamin ang lupa ng masang magsasaka, tibagin ang mga bundok at ilog, dambungin ang yaman ng bansa, kurakutin ang kabang-bayan at itatag sa bansa ang kapangyarihan ng pwersang militar ng US.

Ang huwad na "kapayapaan" na ito ni Marcos at ng kanyang NTF-Elcac at AFP, ay sadyang malaking sagka sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa NDFP. Sagka rin ang patuloy na pagtugis, pagkulong at pagpaslang sa mga konsultant at kinatawan ng NDFP, taliwas sa dating mga kasunduan. Hindi makakamit ang makatarungan, mapagpalaya at matagalang kapayapaan hangga't hindi hinaharap at nilulutas ang saligang mga suliraning nasa ugat ng armadong sigalot sa bansa, at kung ang tanging layunin ay durugin, supilin at pasukuin ang lahat ng lumalaban.

Dapat itakwil ng sambayanang Pilipino ang huwad at hungkag na kapayapaan ni Marcos. Sa harap ng tumitinding panunupil, lumalalang anyo ng pang-aapi at pagsasamantala, at paglubha ng krisis ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal, walang ibang pagpipilian ang sambayanang Pilipino kundi ang landas ng paglaban, laluna ang landas ng armadong pakikibaka. Ang armadong pakikibaka ang pinakamalakas na sandata ng sambayanan para ipagtanggol ang kanilang karapatan, buhay at kabuhayan. Kung walang armadong pakikibaka ang sambayanan, walang habas na mamamayagpag ang imperyalismong US at mga naghaharing uri sa pang-aapi at pagsasamantala sa bayan.

Sa kabila ng dinanas na mga pinsala bunga ng sariling mga kahinaan at sa harap ng todong atake ng AFP, determinado ang Bagong Hukbong Bayan na magpunyagi sa landas ng armadong pakikibaka, iwasto ang dating mga kahinaan at palakasin ang rebolusyonaryong paglaban. Sa pamumuno ng Partido, tuluy-tuloy na lalawak at lalakas ang BHB at baseng masa nito sa buong bansa. Nananatiling napakataba ng lupa para sumulong ang armadong pakikibaka at muling palakasin ang mga larangang gerilya upang magsilbing moog ng paglaban ng sambayanan para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 14 | Hulyo 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Itakwil ang huwad na kapayapaan, magpunyagi sa landas ng digmang bayan 1
2 pulis, inambus ng BHB-Mindoro 3
Panliligalig sa mga komunidad, nagpapatuloy 3
Mga protesta 3
Dose-dosenang "EDCA site" 4
Magsasaka sa Hacienda Chiquita, palalayasin 5
Paglaban sa mapangwasak na *dredging* 6
Sa madaling salita 7
Pinsala ng mga proyektong *renewable energy* 8
Paglaban sa pahirap at papet na estado sa Kenya 9
Pagdinig sa kaso ni Duterte sa ICC, ibinabalam 10
₱20 bilihan ng sariwang palay, iginiit 10
Linggo ng pag-alala sa mga martir ng India 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

2 pulis, inambus ng BHB-Mindoro

NAPATAY SA ISANG ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang dalawang pulis habang bumibyahe sa Barangay Bagong Silang, Victoria, Oriental Mindoro noong Hulyo 13 ng hapon. Ayon sa hukbong bayan, tugon ito sa kahilingan ng mga Mindoreño na panagutin ang AFP-PNP sa teroristang kampanya nito sa mga bayan sa Central Oriental Mindoro.

Ang presensyang militar at pulis sa bayan ng Victoria ay bahagi ng pagbibigay seguridad sa malalaking mapangwasak at kontra-mamamayang proyekto. Kabilang dito ang pitong lugar sa pagkukwari sa Victoria na pinayagan ng lokal na gubyerno. Nakaamba rin ang pagpasok ng malaking operasyong mina sa Victoria mula sa pagbuhay sa Mineral Production Sharing Agreement ng Mindoro Nickel Project.

Pipinsalain ng mga ito ang libu-libong ektaryang lupain kung saan nakaasa ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan. Karaniwan nang kalakaran para sa pulis at militar ang pagpwesto bago magsimula ang mga mapangwasak na proyekto upang pigilan ang pagtatanggol ng mamamayan sa kanilang lupa at likas na yaman.

Panliligalig sa mga komunidad ng magsasaka, nagpapatuloy

TULUY-TULOY ANG pagliligalig ng militar at pulis sa mga komunidad ng magsasaka sa Cavite, Masbate at Negros Occidental.

Sa Masbate, inaresto at sinampahan ng kasong rebelyon ang apat na sibilyan. Dinakip noong Hunyo 25 sa Barangay Baras, Esperanza sina Ronnie Ursal, Manlik Espinosa at Melicio Malaras, at noong Hunyo 11 si Vicente Colomna. Liban kay Colomna, ang tatlong iba pa ay nakalaya. Samantala, ipinailalim sa *de facto* na batas militar ang siyam na barangay sa bayan ng Palanas at Dimasalang simula noong Hulyo 11.

Sa Himamaylan City sa Negros Occidental, binantaan ng mga ahenteng traydor na “surenderi” na papatayin ang mag-asawang sina Jolibert at Rica Basilio kung hindi sila susuko at makikipagtulugan sa 94th IB. Nangyari ang pambabanta noong Hulyo 9 nang puntahan nila ang mag-asawa sa kanilang bahay sa Sityo Cabagal, Barangay Buenavista. Nagdulot ang insidente ng takot hindi lamang sa mag-asawa kundi sa buong komunidad.

Sa Cavite, nakaambang kampuhan ng 2nd Civil Military Operation(CMO) Company at Task Force Ugnay ang komunidad ng Tartaria sa Silang, Cavite para gipitin ang tuluy-tuloy na paglaban ng mga magsasaka at residente at palayasin sila sa lugar.

Samantala, ginipit ng Bureau of Corrections (BuCor) ang tagapagsalita ng grupong Kapatid na si Fides Lim matapos niyang ireklamo ang mga iligal at di makataong patakaran ng ahensya. Pinagbawalan siyang makapasok sa lahat ng mga kulungan na nasa ilalim ng hurisdiksyon ng BuCor. Aktibo si Lim sa pangangalap at paghahatid ng makataong ayuda at nakikipaglaban para sa mga karapatan ng mga bilanggong pulitikal sa gitna ng napababalitang pagpapabaya at abuso sa loob ng New Bilibid Prison at iba pang kulungan.



Mga kababaihan, nagprotesta laban sa tumitinding kagutuman. Bitbit ang mga kaldero at kaserola, kinalampag ng mga myembro ng Gabriela, Gabriela Women’ Party at Amihan ang Department of Agriculture noong Hulyo 7 hinggil sa tumitinding kagutuman ng mamamayan. Binanggit nila ang kamakailang sarbey ng Social Weather Stations, na nagsasabing isa sa bawat limang pamilyang Pilipino, o 27.2% ang nakakaranas ng "involuntary hunger" o kagutuman dulot ng kahirapan, karahasan o pagbabago sa kapaligiran.

Mga manggagawang pampubliko para sa dagdag sweldo at katiyakan sa trabaho. Nagsama-sama ang mga kawani, guro at manggagawang pangkalusugan sa pampublikong sektor sa isang protesta noong Hulyo 11 sa Quezon City para ipanawagan sa rehimeng Marcos ang dagdag sweldo at katiyakan sa trabaho. Isinagawa nila ang pagkilos ilang linggo bago ang ika-4 na *state of the nation address* ni Ferdinand Marcos bilang pagdidiin sa matagal na nilang kahingian. Pangunahin nilang panawagan ang pagtugon ng estado sa bumabagsak na kalidad ng buhay ng mga kawani sa harap ng tumataas na implasyon.


Pagtatayo ng Ahunan Dam, muling tinutulan ng mga Lagunense. Mahigit isang libong residente ng Pakil, Laguna, kasama ang mga organisasyon ng taong-simbahan, kabataan, magsasaka, mangingisda, at mga tagapagtanggol ng kalikasan, ang nagmartsa noong Hulyo 5 para ipahayag ang kanilang matinding pagtutol sa itinatayong Ahunan Dam. Mula sa Saint Peter of Alcantara Parish Church, nagmartsa ang mga raliyista patungo sa upisina ng Ahunan Power Inc., kung saan binasa ang pahayag ng pagkakaisa at ipinahayag ang galit ng mamamayan.

Bagong CBA, naipanalo sa Fuji Electric Philippines. Sa patuloy na paggigiit, naipanalo ng Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa sa Fuji Electric Philippines Inc. (LNMFEP-OLALIA-KMU) ang dagdag sahod at iba pang mga benepisyo para sa bagong *collective bargaining agreement*. Taun-taon silang makakakuha ng dagdag na ₱50 sa loob ng tatlong taon, makakatanggap ng alawans sa pagkain, bigas at iba pa. Ang kumpanya ay pagawaan ng semikonduktor na nakabase sa Laguna.

Dose-dosenang "EDCA site" at planong mga pagawaang militar

Pinabilis na paghahanda ng US sa Pilipinas bilang base sa imperyalistang digma

Sa nakaraang dalawang taon, todo-todo ang pagpapalawak ng US ng presensyang militar at pagtatayo ng mga estratehikong imprastrukturang militar nito sa Pilipinas. Noong 2024, ipinwesto nito ang Typhon Missile Sytem sa hilagang Luzon. Sinundan ito ngayong taon ng pagpasok ng NMESIS, MADIS at iba pang mga sandatang panggera.



Nitong taon din, inangkin ng US ang pasilidad nabal sa Oyster Bay sa Palawan, iniutos ang pagtatayo ng pabrika ng bala sa Subic at inilabas ang panimulang pondo para sa konstruksyon ng Subic-Clark-Manila-Batangas Railway. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo sa AB, Hulyo 7, 2025.*) Bahagi ang lahat ng ito sa paghahanda ng US sa bansa bilang isang malaking *forward operating base* sa inuupat nitong imperyalistang gera laban sa China.

Malinaw na lampas-lampas na sa siyam na "napagkaisahang EDCA site" (Enhanced Defense Cooperation Agreement) ang inangkin at ginagamit ng US na mga base sa Pilipinas. Sa tabing ng walang patid na mga *war games*, pinabilis ng US ang konstruksyon ng mga baraks, bodega at iba pang imprastruktura sa loob ng mga kampo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para ibahay ang papalaking bilang ng mga tropa, gamit at sasakyang Amerikano na buong taon na namamalagi sa loob at paligid ng bansa.

Noong Hunyo, inaprubahan ng Kongreso ng US ang $1-$5 bilyong pondo para sa "upgrade" ng daungang nabal ng AFP sa Oyster Bay. Ginagamit na ng US ang daungan para sa mga "freedom of navigation operation" at "joint patrol" sa South China Sea, kasama ang Australia at Japan. Mula pa 2020 itinransporma ng US ang tahimik na komunidad ng mga mangingisda dito tungong isang susing pasilidad para sa mga barko at *drone* pandagat na ginagamit nito para kantihin ang mga barkong Chinese at pataasin ang tensyon sa South China Sea. Inilulusot ng AFP at US ang mga patrulya bilang "pagtatanggol sa mga mangingisdang Pilipino," pero sa aktwal, ang US at dambuhalang mga barko nito ang nagkakait sa kanilang kabuhayan sa Oyster Bay at kalapit na karagatan.

Kasabay nito, napabalita nitong Hulyo ang pagtatayo ng US ng isa pang baseng nabal sa karagatan ng Palawan, sa tapat ng munisipalidad ng Quezon. Ayon sa mga ulat, napili ang lokasyon dahil sa lapit nito sa Second Thomas Shoal, isa sa pinagmulan ng sigalot pandagat sa pagitan ng Pilipinas at China. Ibabahay dito ang mga "inflatable boat" na ginagamit sa pag-atake at pandagdag sa ginagamit na ng militar ng Pilipinas sa pakikipaggitgitan nito sa mga barko ng China. Target ng US na paganahin ang base sa unang kwarto ng 2026.

Nito ring taon, sinimulan nang hugisan ng US ang plano nitong gamitin ang Pilipinas bilang malaking imbakan ng gamit panggera. Alinsunod ito sa 2025 Joint Vision Statement on Defense Industrial Cooperation na pinirmahan ng rehimeng Marcos at gubyerno ni Donald Trump noong Marso. Paraan ito ng US para matiyak ang mabilisan at hindi mapuputol na suplay ng gamit panggera oras na sumiklab ang inter-imperyalistang digma.

Sa tabing ng "kolaborasyon" at "pagpapaunlad ng kapasidad sa depensa ng AFP," itatayo ng US sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga pabrika nito sa bala, *unmanned systems* (*drone*), pasilidad para magproseso ng mga "kritikal na mineral" na ginagamit sa mga bomba, at "additive manufacturing" tulad ng 3D *printing*.

Noong Mayo, ipinwesto na ng US sa Fort Magsaysay sa Tarlac ang isang 3D *printer* na may kakayahang gumawa ng maliliit na *drone* (tinawag na *first-person view* o FPV *drone*) na nakaangkop sa tereyn at klima ng Pilipinas. Ginamit ang mga *drone* na ito sa inilunsad na Salaknib Exercises Phase 2 para "bahain ng mata" ang kagubatan at kabaryuhan sa Northern Luzon. Katuwang sa aktibidad na ito ang 7th IB at 5th IB ng AFP. Bago pa nito, ibinukas na ng AFP at rehimeng Marcos ang Aurora para sa pagmamanupaktura ng US ng mga *drone* noong 2024.

Ang mga pabrika, makina at gamit panggera na ilalagak sa Pilipinas ay direktang patatakbuhin ng militar at mga galamay ng mga kapitalista sa industriyang militar ng US. AB


Pagpapalayas sa mga magsasaka sa Hacienda Chiquita sa Negros Occidental

Kumahaharap sa banta ng pagpapalayas ang mga magsasaka sa 21 ektarya at 79 ektaryang lupang kanilang binubungkal sa Hacienda Chiquita sa E.B. Magalona, Negros Occidental. Itinakdang ipamamahagi ang lupa sa ilalim ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPER), pero ngayon ay muling inaagaw ang lupa mula sa kanila.

Nakatira at nagbubungkal ang mga pamilya ng mga magsasaka at residente sa Hacienda Chiquita na nasa saklaw ng Barangay Tuburan at Barangay Poblacion 1 mula pa 1952. Maaapektuhan ng pangangamkam sa lupa ang higit 120 manggagawang-bukid at posibleng magpalayas sa 300 sambahayan o 1,500 indibidwal.

Noong 2012, hinikayat ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang mga magsasaka na magsumite ng aplikasyon para masaklaw ng CARPER ang 21 ektaryang lupa. Isinumite nila ang kanilang mga dokumento sa tulong ng National Federation of Sugar Workers (NFSW). Upisyal na napatituluhan ang lupa noong 2019.

Naantala ang pagpwesto sa lupa dahil sa pagtutol ng mga panginoong maylupa at bagal ng pagproseso ng mga dokumento at papeles noong panahon ng pandemyang Covid-19. Liban pa, tinarget ng pagpaslang at panggigipit ng noo'y rehimeng Duterte ang mga lider-magsasaka at grupong tumutulong sa mga apektadong magsasaka.



Imbes na ituloy, kinansela ng DAR ang ipinamahagi nang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) noong 2022. Ipinabatid lamang ito sa mga magsasaka noong 2023. Inapela ng mga magsasaka ang pagbawi sa sumunod na taon.

Habang ipinuproseso ang apela, nagsimula ang konstruksyon ng isang kalsada noong Disyembre 2024 na humagip sa apat na ektarya ng 21 ektaryang lupa.

Nangangamba ang mga magsasaka na bahagi ito ng pagdedeklara ng pagpapalit-gamit sa lupa na karaniwang taktika para ipawalambisa ang mga CLOA at distribusyon. Naiulat rin na inihahanda ang lupa para maging sentro ng komersyo.

Samantala, ang katabi nitong 79 ektaryang lupa ay nanganganib ding agawin. Dahil katiting na lamang ang pondo para sa CARPER sa ilalim ng rehimeng Duterte at Marcos, naging mabagal ang usad ng mga kaso at petisyon kaugnay dito. Sa kasalukuyan, itinakda ang lupa para sa reklasipikasyon. Plano itong ilaan sa isang proyektong pabahay para sa mga napalayas ng mga proyekto sa mga baybayin sa kalapit na mga barangay.

Noong Hulyo 9, nagprotesta ang mga magsasaka sa palengke ng E.B. Magalona, malapit sa upisina ng DAR, para igiit ang kanilang karapatan sa lupa.

Huwad na reporma sa lupa sa ilalim ni Marcos

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, walang bagong lupa ang sinaklaw ng reporma at pamamahagi. Sa ipinamahagi ng DAR na 195,000 CLOA mula Hulyo 2022 hanggang Enero 2025, 68% o 132,000 nito ay mula sa dati nang hawak ng mga magsasaka na kolektibong CLOA na pinaghiwa-hiwalay sa ilalim ng programang SPLIT ng World Bank. Instrumento ang SPLIT para tilad-tilarin ang pag-aari ng malalaking parsela ng lupa at isalang ito sa *market valuation* (pagtatakda ng halaga) para sa pagbubuwis, pagbebenta at kalauna'y pagpapalit-gamit.

Sa ilalim naman ng New Agrarian Emancipation Act (NAEA), pinalalabas ni Marcos na "pinatatawad" ang hindi nabayarang amortisasyon ng mga benepisyaryo ng CARP. Katunayan, kakarampot na halaga lamang ng lumang mga utang ang pinalampas nito at hindi kabilang ang bagong utang ng mga benepisyaryo. Nasa 14% lamang ng target ng benepisyaryo at 6% ng mga magsasaka ang nasaklaw nito. Gayundin, hindi binura ng NAEA ang dambuhalang kumpensasyon na ipinagkakaloob ng CARP sa mga panginoong maylupa, at ipinasa lamang sa taumbayan ang pagbabayad dito. Ngayong taon, iniutos ng Court of Appeals ang pagbabayad ng estado ng tumataginting na ₱28 bilyon sa pamilyang Aquino-Cojuangco para sa Hacienda Luisita.

Sa kaibuturan, ang SPLIT at NAEA ay dagdag lamang sa mahabang listahan na ng mga paraan para kamkamin at monopolyohin ang lupa ng mga panginoong maylupa at asendero, mga plantasyon at malalaking dayuhang kumpanya sa agribisnes, *real estate* at iba pa. AB

Pagkakaisa laban sa mapangwasak na operasyong *dredging* sa Ilocos Sur

Nanindigan ang mga residente ng Ilocos Sur laban sa mapangwasak na operasyong *dredging* ng Isla Verde Mining and Development Company (IVMDC) sa bukana ng Abra River at sa bahagi ng West Philippine Sea na saklaw ng prubinsya. Sama-sama silang naglayag sa isang *fluvial protest* noong Hulyo 16 para igiit ang pagpapatigil sa operasyon na anila ay nakasisira sa kalikasan at kanilang kabuhayan. Nangangalap din sila ng pirma para sa isang petisyon laban sa *dredging.*

Sinimulan ang *dredging* noong Mayo 2024 sa tabing ng pagpigil sa pagbaha sa Vigan City, Caoayan at Santa. Pinahintulutan ang operasyon sa bisa ng kasunduan sa pagitan ng IVMDC at tanggapan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa rehiyon noong Hunyo 2022. Binigyan ng permit ang operasyon ng Department of Public Works and Highways at Mines and Geosciences Bureau.

Hanggang noong Disyembre 2024, nakapaghukay na ang kumpanya ng higit walong milyong kubiko metro ng materyal mula sa Banaoang River na isang bahagi ng Abra River. Dinala ito sa Pasay City para gamitin sa isang proyektong reklamasyon.

Gumuguhong kabuhayan

Simula pa lang ng *dredging* o paghuhukay, inireklamo na ng mga residente sa 12 barangay ng mga bayan ng Santa at Caoayan ang ingay, mas matinding pagguho ng buhangin sa baybayin, at bumababang huli ng isda. Sa higit isang taon, bumaba ang nahuhuling isda sa lugar dahil natataboy ang mga isda ng malakas na ugong ng malalaking barko.

Kung dati ay nakapagbebenta sila ng ₱1,000 halaga ng isda, ngayo'y hindi na sila sapat na nakahuhuli nang kahit pangkonsumo lamang. Inireklamo rin ng mga mangingisda ang amoy at lasang gasolina na mga isdang nahuhuli malapit sa baybayin.

Natulak ang ilang mangingisda na pumalaot nang hanggang 30 milya ang layo mula sa baybayin para lamang makahuli ng sapat. Dahil dito, nagdagdagan ang gastos sa krudo mula sa dating ₱500 kada araw tungong ₱1,000 hanggang ₱3,000 kada araw.

Bumaba rin ang nakukuhang ipon (*goby fry*). Mula sa dating 100 lata (17 litro kada isa) na nahuhuli nila, nasa 30 lata na lamang ang napupuno nila sa kasalukuyan. Sa pagbaba ng suplay ay tumaas rin ang presyo nito sa merkado.

Lumulubog na mga komunidad

Sa halip na matugunan ang isyu ng pagbaha, nangangamba ngayon ang mga residente sa pagbaha dahil sa mas bumibilis na pagguho ng buhangin dulot ng *dredging.* Pinatindi nito ang posibilidad ng pagbaha laluna sa Barangay Dammay, at ng mga isla-barangay ng Oribi at Puro. Doble ang pag-aalala nila laluna at papasok na ang bansa sa panahon ng mga bagyo.



Isiniwalat ni Dr. Fernando Siringan, eksperto sa *marine* at *coastal geology*, na mali ang lugar ng operasyon ng *dredging.* Aniya, mayroong mga bahagi ng Banaoang River na dapat hukayin pero hindi ang erya kung saan isinasagawa ang *dredging.*

Aniya, magdudulot lamang ang kasalukuyang operasyon ng paggambala sa hindi matatag na bunganga ng ilog at hahatak ng mga latak mula sa mga baybaying-dagat patungo sa mga hukay na nilikha ng *dredging* na magreresulta sa pagpasok ng dagat sa maraming barangay. Lalo lamang nitong pinalalala ang problema sa pagbaha sa halip na tugunan ito.

Dagdag pa ng eksperto, mali rin ang ginagawang pagdala ng nakuhay na buhangin at graba sa Pasay City. Sa halip, dapat lamang umanong ilipat ang nahukay na mga materyal sa ibang bahagi ng ilog.

Reklamo ng mga residente, walang kahit anong pampublikong konsultasyon na isinagawa bago ang *dredging.* Nagkaroon lamang ng porum sa Barangay Rancho sa Santa noong Nobyembre 2024 nang nasa kalagitnaan na ang proyekto.

Sa harap ng mga ito, panawagan ng mga residente sa pangunguna ng Defend Ilocos Sur na itigil ang *dredging* sa pinakakagyat na panahon, bayaran ng kumpensasyon ang mga nawalan ng kabuhayan, isapubliko ang mga dokumento at siyentipikong pag-aaral hinggil dito, at panagutin ang kumpanya sa pangwawasak at epekto ng operasyon sa komunidad. AB

SA MADALING SALITA

MGA PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO

(DISYEMBRE 10, 2024 – HUNYO 30, 2025)

180,074 BILANG NG BIKTIMA

239 BILANG NG KASO

24 PAGPASLANG

10 PANANAKIT

17 PAGDUKOT

7 BIGONG PAGPASLANG


19 PAMIMILIT

23 TORTYUR

2,060 SAPILITANG PAGBABAKWIT AT DISLOKASYON

73 PAG-ARESTO AT DETENSYON

891 PAGBABANTA, PANGGIGIPIT, INTIMIDASYON



₱2.4 BILYON

kaso ng korapsyon ang isinampa laban kay **Leonor Briones**, dating kalihim ng DepEd, at iba pang upisyal ng kagawaran kaugnay ng pagbili noong 2021 ng sobrang pinresyuhang mga *laptop* para sa mga guro.

20% TARIPA

ang ipapataw ng US sa mga eksport ng Pilipinas (liban sa *semiconductor*, *aluminum* at *wiring*) mula sa dating 17%. Ginagamit ni **US President Trump** ang mga taripa bilang pambraso sa mga bansa upang pumayag sa kanyang mga dikta.



130

naiulat na mga manggagawa ang nasawi mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon dahil sa iba't ibang insidente na may kinalaman sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Pinagkunan: Institute for Occupational Health and Safety Development



₱100/kilo ↓


bagsak na bentahan ng **tawilis** mula sa dating ₱250/kilo dahil sa takot ng mga mamimili sa sinasabing pagkakadiskubre ng mga bangkay ng mga "nawawalang sabungero" sa Taal Lake.

₱154.51 BILYON

ang kita ng estado mula sa *online* na pagsusugal noong 2024, tatlong ulit na mas malaki kaysa nakaraang taon. Lumaki nang 465% ang kabuuang kita nito sa ikatlong kwarto ng 2024 kumpara sa 2023.

39%

ng mga Pilipino ang nagsusugal *online*, kabilang ang pinakamahihirap at mga menor-de-edad. **Nalululong sa sugal ang marami sa kanila.**



populasyon ng Pilipinas na naitala noong Hulyo 1, 2024; 3.69 milyon mas marami kumpara sa 2020. Ang 5-taong tantos ng paglaki na 0.8% ay mas mabagal kumpara sa 1.63% na paglaki sa panahong 2015-2020.

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority

Mga proyektong *renewable energy*, ganansya ng mga negosyante, pinsala sa mamamayan

Sa una niyang State of the Nation Address, inihayag ni Marcos na ang *renewable energy* (RE) ay ituturing ng kanyang gubyerno na susing sektor para diumano sa pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa. Mula noon, naging agresibo at lantaran ang pangangamkam ng lupa at pagsira sa kalikasan para bigyang daan ang mga mamumuhunan sa RE sa bansa. Aabot sa 68% ng dayuhang pamumuhunan noong 2024 ay sa mga proyektong RE.

Sa ilalim ng National Renewable Energy Program (NREP), target na 50% ng enerhiya ng Pilipinas pagsapit ng 2040 ay mula sa RE. Binuo ito sa diumanong layunin na magkaroon ng "sustenableng mapagkukunan" ng enerhiya. Ang RE ay alinman sa enerhiyang *biomass* (pagbulok ng organikong materyal), *solar* (araw), *wind* (hangin), *geothermal* (mainit na singaw mula sa lupa) at *hydropower* (tubig).


Lalong pinadali at pinabilis ni Marcos ang pagbibigay ng permit at lisensya sa mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan sa RE. Noong Abril, nagbigay ang Department of Energy ng permit para sa 1,319 na proyektong RE, 39% o 517 dito ay proyektong *solar*. Ang Ilocos ang pang-apat sa may pinakamaraming proyektong *solar*, na may 53 proyekto. Target din ng estado na magkaroon ng 46,000 ektarya na *solar farms* pagsapit 2040.

Mabilis namang sinunggaban ng mga lokal na malalaking burgesyang kumprador ang mga proyektong RE sa bansa upang pakinabangan ito. Kabilang dito ang Solar Philippines New Energy Corp. (SPNEC) ni Manny Pangilinan, AC Energy Corp. (ACEN) ng mga Ayala, APC Group Inc./Philippine Geothermal Production Co. ng pamilyang Sy, Astra Solar Energy Corp. ng kumpanyang Aboitiz, San Miguel Global Power Holdings ni Ramon Ang at Energy Development Corporation (EDC) ng Lopez Group.

Isa sa pinakamapangwasak na RE na proyekto ay ang 3,500 ektaryang *solar farm* (mas malaki pa sa buong lupa ng Makati City at Mandaluyong) na pag-aari ng Meralco Terra Solar sa bahagi ng Bulacan at Nueva Ecija. Nakatakda itong maging pinakamalaking *solar* at *battery facility* sa buong mundo. Pagmamay-ari ito ng SPNEC at Actis, kumpayang nakabase sa United Kingdom.

Sasaklawin naman ng Laguna Lake Floating Solar Project ang 2,000 ektarya ng lawa sa bahagi ng Calamba, Santa Rosa, Cabuyao, Bay at Victoria. Pagmamay-ari ang proyekto ng ACEN at mga kumpanya mula Singapore at UK.

Kabilang sa pinakamalalaking *offshore* at *onshore windfarm* na itatayo ay sa San Miguel Bay, Camarines Sur, na sasakop sa 23,307 ektaryang katubigang pangmunisipyo ng San Miguel. May kapasidad itong 1,000 megawatts (MW) at pagmamay-ari ito ng Copenhagen Infrastructure New Market Fund Corp., kumpanyang mula Denmark at ACEN na may 25% na sosyo. Itatayo rin ang 1,200 MW Guimaras Strait OSWF na itatayo sa gitna ng Panay at Negros na pagmamay-ari ng mga kumpanya mula Switzerland at Liechtenstein. Itatayo rin ng ACEN ang 2,510 MW Quezon North Wind Farm sa Real, Quezon at ang 625 ektaryang North Luzon Renewable Wind Farm sa Pagupud, Ilocos Norte.



Nasa 99 na proyektong *hydropower*, na may kabuuang 4,000 MW, ang inaprubahan ng gubyerno sa Cordillera. Apat sa mga proyekto dito ay pagmamay-ari ng kumpanya mula Australia. Nakatakda ring magtayo ng tatlong *geothermal power plant* (GPP) sa rehiyon na lilikha ng kabuuang 300 MW na kuryente. Ang mga ito ang Buguias-Tinoc GPP na pagmamay-ari ng EDC, at Kalinga GPP at ang Mainit-Sadanga GPP na parehong pagmamay-ari ng APC.

Idinadahilan ng reaksyunaryong estado ang "pagharap sa krisis sa klima" para ilusot ang bilyun-bilyong halagang proyektong RE. Pero ang totoo, pinahihina ang kakayahan ng bansa na harapin ang mga unos ng pagbabago ng klima sa walang-awat na pagsira sa kalikasan para bigyang daan ang mga pasilidad na ito.

Malala, ilampung libong magsasaka, mangingisda at katutubo ang mawawalan ng kabuhayan at tirahan at libu-libong ektaryang lupang agrikultural, karagatan at kagubatan ang wawasakin sa ngalan ng malinis na enerhiya na monopolisado ng dayuhan at lokal na burgesyang kumprador. AB

Galit at paglaban ng bayan sa pahirap at papet na estado sa Kenya

Muling sumiklab sa Kenya noong Hunyo ang galit at protesta laban sa anti-mamamayang panukala ng pagbubuwis at pagpapakatuta ng gubyerno dito. Noong Hunyo 25, libu-libong Kenyan ang humugos sa mga lansangan ng Nairobi, Mombasa, Kisii at ibang syudad para gunitain ang mga protesta noong nakaraang taon. Hindi bababa sa 16 ang napatay at mahigit 400 ang nasugatan nang marahas na buwagin ang mga ito ng mga pulis.


Noong Hulyo 7, 38 raliyista ang napatay, habang 107 ang nasugatan at mahigit 500 ang inaresto nang buwagin ng mga pulis ang mga demonstrasyon na gumunita sa ika-35 anibersaryo ng "Saba Saba" o "pito pito" sa wikang Kishwahili. Sa araw na ito noong 1990 inilunsad ang dambuhalang rali na nagtulak sa noo'y presidente ng Kenya na baguhin ang sistema ng paggugubyerno. Ginamit ng mamamayan ang okasyon para itulak ang pagpapatalsik sa kasalukuyang presidente ng bansa na si William Ruto.

Bumwelo ang mga protesta noong 2024 laban sa Finance Bill, isang panukalang magpapataw ng matataas na buwis sa batayang mga bilihin at serbisyo, magtatanggal sa mga subsidyo, at magbabawas sa badyet para sa mga panlipunang serbisyo. Dikta ng International Monetary Fund ang panukala bilang kundisyon sa pagpapautang. Layunin nitong palakihin ang kita ng estado para tiyaking makapagbayad ito ng utang, na nasa $76.6 bilyon noong Abril, katumbas ng 75% ng *gross domestic product* (GDP) ng Kenya. Napaatras ang panukala noong nakaraang taon pero hindi tuluyang ibinasura. Sa halip, tinadtad at tusong inilulusot ni Ruto sa parlamento ang pira-pirasong bahagi nito.

Para sa maraming Kenyan, kinakatawan ng Finance Bill ang neokolonyal at neoliberal na tunguhin ng rehimeng Ruto. Tiyak silang papasanin ng mga manggagawa at mahihirap na sektor ng lipunang Kenyan ang mabibigat na buwis. Batid nilang hindi ito kakayanin ng ordinaryong mamamayan na lugmok sa kahirapan, walang pormal na trabaho at nahaharap sa dati nang matataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo. Ikinagalit nila ang pagiging sunud-sunuran ni Ruto sa mga dikta ng imperyalistang institusyon.

Lumawak ang mga protesta tungo sa kilusang pagpapatalksik kay Ruto matapos ang serye ng mararahas na pambubuwag, maramihang pang-aaresto, dumaraming kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala ng mga lider-protesta, at mga pamamaslang.

Kasabay ng matinding krisis sa ekonomya ang krisis sa pulitika ng naghaharing uri. Aktibong hinahamon ang kapangyarihan ni Ruto ng dating *deputy president* ng bansa na si Rigathi Gachagua. Na-*impeach* si Gachagua noong 2024 sa mga kasong paglabag sa konstitusyon, panghahati batay sa etnisidad, at pagpapahina sa awtoridad ng gubyerno.



Kalagayan ng lipunan at mamamayang Kenyan

Atrasado at agraryo ang lipunang Kenyan. Nakaasa ang agrikultura nito sa maliliit at hiwa-hiwalay na produksyon. Binubuo nito ang hanggang 37% ng GDP at 40% ng kabuuang empleyo. Limitado ang industriya, at maliit ang bahagi ng pagmamanupaktura sa GDP (8%).

Sa nakaraang mga taon, dumanas ang bansa ng matinding krisis sa empleyo. Noong 2022, umabot sa 13.9% ang tantos ng disempleyo, pinakamalala sa hanay ng kabataan. Tinatayang 67% ng kabataang Kenyan, edad 15 hanggang 34, ang walang trabaho.

Samantala, nasa impormal na sektor ang 80% ng mga trabaho o higit 17 milyon sa kabuuang 20 milyon. Noong 2024, 90% ng bagong likhang trabaho ay impormal, karamihan sa maliitang pagtitingi at maliitang pagmamanupaktura.

Nakapako ang sahod ng manggagawang Kenyan sa $177/buwan (₱6,680) habang sinasabing nasa $138 (₱7,880) sa kanayunan at $299 (₱17,000) sa kalunsuran ang nakabubuhay na sahod para sa 5-kataong pamilya.

Labas sa mga syudad, nahaharap ang magsasakang Kenyan sa kawalang-lupa, maliliit na sakahan, atrasadong produksyon, di pagkakapantay-pantay na pag-aari ng lupa sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan, at pangkalahatang kahirapan. Nasa 50% ng lupa ng bansa ang itinuturing na pang-agrikultura pero 20% lamang dito ang angkop sa pagsasaka. Ang 20-30% pa nito ay tinatamnan ng pang-eksport na mga pananim tulad ng tsaa, kape at bulaklak. AB

Pagdinig sa kaso sa ICC, ibinabalam ng kampong Duterte

Sunud-sunod na petisyon ang isinumite ng kampo ni dating presidente Rodrigo Duterte para ibalam ang pagdinig sa kanyang kasong krimen laban sa sangkatauhan sa Pre-Trial Chamber 1 ng International Criminal Court (ICC). Pinakahuli dito ang petisyon para sa "kagyat na status conference" na inihain noong Hunyo 17 para kwestyunin ang iskedyul ng pagharap ni Duterte sa korte sa Setyembre 23. Ginamit pa nitong dahilan ang kunwa'y mga "delay" o pagkabalam ng mga paghahanda ng prosekusyon.

Bago nito, ibinasura na ng korte ang iba pang mga "delaying tactic" ng mga abugado ni Duterte. Isa rito ang petisyon para idiskwalipika ang dalawang hukom na humahawak sa kanyang kaso. Noong Hulyo 3, tinanggihan ng plenaryo ng ICC ang kanilang kahilingan na alisin sina Judge María del Socorro Flores Liera at Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou mula sa Pre-Trial Chamber I.

Ayon sa ICC, walang basehan ang alegasyon ng kampo ni Duterte na may kinikilingan ang mga hukom dahil sa nauna nilang pagkakasangkot sa desisyon kaugnay sa usapin ng hurisdiksyon ng korte sa kaso. Nilinaw ng ICC na bahagi ng trabaho ng mga hukom ang muling pagtalakay sa mga ligal na usapin habang umuusad ang kaso, at hindi ito nangangahulugan ng pagkiling o *bias*.

Dalawa pang petisyon na pampabalam sa proseso ang isinampa ng mga abugado ni Duterte. Ang una ay ang hurisdiksyon ng korte kay Duterte dahil hindi na myembro ng ICC ang Pilipinas at ang pangalawa ay ang paghingi ng kanyang *interim release* o pansamantalang paglaya. Wala pang desisyon ang korte sa parehong petisyon. Sa kaso ng *interim release*, mariin itong tinutulan ng mga biktima, at kanilang mga abugado, at maging ng prosekusyon ng ICC.

Samantala, patuloy ang pag-usad ng kaso sa korte. Noong Hulyo 1, nagsumite ang prosekusyon ng ika-11 na bungkos ng ebidensya laban sa dating pangulo, kabilang ang mahigit 1,000 dokumento na sumasaklaw sa mga pagpatay mula sa panahon niya bilang meyor ng Davao City hanggang sa kanyang termino bilang pangulo. AB

₱20 bilihan ng sariwang palay, giit ng mga magsasaka sa Nueva Ecija

NAGHAIN NG PETISYON ang mga magsasaka sa Barangay Bantud, San Roque at iba pang barangay sa Guimba, Nueva Ecija para gawing ₱20 kada kilo ang minimum na bilihan ng sariwang palay ngayong buwan ng Hulyo. Anila, umaabot sa ₱14 kada kilo ang puhunan sa palay ngunit binibili lamang ito sa presyong ₱10-12. Sa kasagsagan ng anihan, may mga komersyanteng ibinagsak pa ang bilihan tungong ₱5/kilo.

Walang patuyuan at wala ring mga trak para madala ng mga magsasaka sa National Food Authority ang kanilang ani. Kulang sa pondo ang ahensya para maging kapaki-pakinabang sa kanila. Dahil dito, napipilitan silang tanggapin ang pambabarat ng mga komersyante.

Isa sa pinakamalaking prodyuser ng bigas ang Nueva Ecija, at ang Guimba sa partikular. Sa datos para sa unang kwarto ng 2023, nakapag-ani dito ng 345,547 metriko tonelada (MT) ng palay. Ito ay 39.8% ng kabuuang produksyon ng palay sa Central Luzon. Binubuo naman ng Central Luzon ang 18.1% ng pambansang *output* ng palay.

Noong Hunyo, nagtayo ang NFA ng ₱63.9 milyong Rice Processing System (RPS) II Facility sa Muñoz City. Mahigit 19 kilometro ang layo nito sa San Roque, at kayang magserbisyo sa hanggang 6,000 magsasaka. Sa Guimba pa lamang, mayroong tinatayang 7,500–15,000 magsasaka.

Liban sa ₱20 na bilihan, hiniling din ng mga magsasaka na ibasura ang Rice Liberalization Law (RLL) o RA 11203 dahil anila'y itinutulak lamang nito ang gubyerno na umasa sa agrikultura ng ibang bansa para sa pangangailangan ng mga Pilipino.

Mahigpit na sinuportahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang panawagan ng mga magsasaka sa Guimba.

Anito, ginagamit ng mga komersyante ang pagbaha sa merkado ng imported na bigas para ibagsak pang lalo ang bilihan ng lokal na palay. Sa kalagayang ito, nalulugi at lalong nababaon sa utang ang mga magsasaka sa palay. Tanging ang mga *trader* at importer ang nakikinabang.

Linggo ng pag-alala sa mga martir ng India

NAGPAHAYAG NG PAKIKIISA ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa nakatakdang Linggo ng Pag-alala sa mga Martir na isasagawa ng Communist Party of India (Maoist) sa Hulyo 28 hanggang Agosto 3. Kabilang sa paparangalan sa linggong iyon ang namartir na kalihim ng CPI (Maoist) na si Kasamang Basavaraju (Nambala Keshava Rao).

Ayon sa PKP, ang mga bayani ng mamamayang Indian ay maituturing na bayani rin ng sambayanang Pilipino dahil nag-alay sila ng buhay sa pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Kapwa sa India at Pilipinas, naniniwala ang PKP na paparaming bilang ng manggagawa, magsasaka at inaaping uri ang tatahak sa rebolusyonaryong landas bilang pagpapatuloy sa simulain ng kanilang mga martir.

Hinikayat ng PKP ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas na makiisa at lumahok sa Linggo ng Pag-alala.